Ontario

Ang Iyong Mga Karapatan sa Ilalim ng Batas ukol sa *Proteksyon sa Trabaho para sa mga Banyagang Mamamayan (Mga Live-in Caregiver at Iba Pa), 2009*

Pilyego ng Impormasyon

Mga Live-In Caregiver
Ang *Batas Ukol sa* Proteksyon sa Trabaho para sa mga Banyagang Mamamayan (Mga Live-in Caregiver at iba pa), 2009 (BPTBM) [The *Employment Protection for Foreign Nationals Act (Live-in Caregivers and Others), 2009* (EPFNA)] ay sumasaklaw sa mga banyagang mamamayang nagtatrabaho bilang mga live-in caregiver o nagnanais na magtrabaho bilang mga live-in caregiver sa Ontario. Halimbawa, kung ikaw ay nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho sa ilalim ng pampederal na Programa para sa Live-in Caregiver, ang Batas ay mai-aaplay sa iyo.

Ang pilyego ng impormasyong ito ay nagbibigay sa iyo ng buod ng iyong mga karapatan sa ilalim ng BPTBM (EPFNA). Bilang isang live-in caregiver na nagtatrabaho sa Ontario, may mga karapatan ka rin sa ilalim ng *Employment Standards Act, 2000* (ESA) sa mga mga pamantayang kagaya ng pinakamababang sahod at mga hangganan sa oras ng pagtatrabaho. Ikaw ay may karapatan na tumanggap ng isang pilyego ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ESA, na pinamagatang *Ang Iyong mga Karapatan sa Employment Standards: Banyagang mga Live-in Caregiver*, kasama ng pilyego ng impormasyong ito.

Hindi ka maaaring singilin ng kahit anong bayad ng isang recruiter
Ang recruiter ay sino man na naghahanap o sumusubok na maghanap ng trabaho para sa iyo, tumutulong sa ibang tao sa paghahanap ng trabaho para sa iyo, o isinasangguni ka sa isang tao na maaaring makatulong sa iyong humanap ng trabaho sa Ontario. Ang recruiter ay hindi maaaring maningil sa iyo ng anumang mga bayad. Halimbawa, siya ay hindi maaaring maningil sa iyo ng isang bayad para sa iyong Labour Market Opinion (LMO), permiso para sa makapagtrabaho, o ano pa man na hinihingi sa iyo para makapagsimulang magtrabaho sa Canada. Bilang karagdagan hindi ka rin maaaring singilin para sa mga ekstrang serbisyo na tulad ng oryentasyon, pagsusulat ng resume, paghahanda para sa pakikipanayam o mga sesyon ng pagsasanay para sa Pangunang Lunas o First Aid. Hindi ka maaaring singilin ng bayad ng isang recruiter para sa mga serbisyong ito kahit na ang mga ito ay opsyonal. Bilang karagdagan, walang tao na nagtatrabaho para sa kapakanan ng isang recruiter na maaaring mangolekta ng bayad mula sa iyo.

Ang iyong tagapag-empleyo ay hindi maaaring maningil sa iyo para sa mga gastos ng pag-upa
Kung ang iyong tagapag-empleyo ay nagbayad ng mga singil o nagkaroon ng iba pang mga gastos para maupahan ka, hindi niya maaaring bawiin ang mga halaga ng pag-upa mula sa iyo. Ito ay nangangahulugan na hindi maaaring isingil ng direkta sa iyo ng iyong taga-empleyo ang mga halagang ito at ibawas ang mga ito mula sa iyong mga sahod. Kasama dito ang mga halaga para sa lahat ng mga sinisingil na may kaugnayan sa trabaho at mga bayad na ipinagbabawal na isingil ng recruiter sa iyo na kagaya ng iyong LMO o permiso para makapagtrabaho.

Hindi maaaring kunin ng iyong recruiter o tagapag-empleyo ang iyong ari-arian
Ang iyong recruiter, ang iyong tagapag-empleyo, o sinumang tao na na kumikilos para sa kapakanan ng alinman sa dalawa ay pinagbabawalang kumuha o magpanatili ng iyong ari-arian para sa anumang dahilan. Kasama dito ang mga dokumentong tulad ng iyong pasaporte o permiso para makapagtrabaho.

Hindi ka maaaring pumayag na isuko ang iyong mga karapatan
Hindi ka maaaring pumayag o pumirma ng isang kontrata na isuko ang anuman sa iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA sa iyong recruiter, iyong tagapag-empleyo o sino man na nagtatrabaho para sa iyong recruiter o tagapag-empleyo. Ang anumang gayong kasunduan ay hindi balido.

Hindi ka maaaring parusahan ng iyong recruiter o tagapag-empleyo para sa pagtanong tungkol sa o pagpapahayag ng iyong mga karapatan
Ang iyong recruiter, ang iyong tagapag-empleyo, at sino mang tao na nagtatrabaho sa kapanan ng alinman sa kanila, ay pinagbabawalang manakot o magparusa sa iyo para sa pagtatanong tungkol sa o pagpapahayag ng iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA o ng ESA. Ikaw ay hindi maaaring paalisin sa trabaho dahil sa pagpapahayag ng iyong mga karapatan. Hindi ka maaaring takutin o parusahan para sa pakikipag-usap sa Ministri ng Trabaho, opisyal ng mga pamantayan sa trabaho, paghaharap ng isang reklamo sa Ministri, o sa pakikilahok sa isang paglilitis.

Kung ikaw ay takutin o parusahan ng iyong recruiter o tagapag-empleyo para sa pagtatanong tungkol sa o pagpapahayag ng iyong mga karapatan, siya ay maaaring pag-utusan na magbayad sa iyo para sa anumang kawalan.

Kung ikaw ay may isang tanong o nais na gumawa ng isang paghahabol
Kung ikaw ay may anumang mga tanong tungkol sa impormasyong ito, o sa iyong palagay ay hindi mo natanggap ang iyong mga karapatan at nais mong gumawa ng isang paghahabol sa Ministri ng Trabaho, pakikontak lamang ang Sentro ng Impormasyon ng Employment Standards sa (416) 326-7160 (libreng-tawag sa 1-800-531-5551) o, para sa nahihirapang makarinig, sa TTY 1-866-567-8893. Maaari mo ring bisitahin ang www.labour.gov.on.ca para sa karagdagang impormasyon o para i-download ang isang claim form. Maaari ka ring makakuha ng isang EPFNA claim form sa isang Sentro ng ServiceOntario. Para makahanap ng pinakamalapit na Sentro sa iyo, pakitawagan lamang ang 1-800-267-8097.

Mayroon kang tatlo at kalahating taon para magharap ng isang reklamo para sa iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA. Walang hangganan sa kung magkanong halaga ang maaari mong mabawi kung ang isang pag-uutos ay ginawa sa ilalim ng EPFNA.

Pakitandaan lamang na may iba't-ibang mga hangganan sa panahon na angkop sa mga paghahabol na inihaharap sa ilalim ng ESA at ng EPFNA. Gayundin, may mga hiwalay na mga pormularyong ginagamit para gumawa ng paghahabol sa ilalim ng ESA at ng EPFNA.

Ibang mga wika
Ang pilyegong ito ay makukuha sa Pranses at ilang ibang mga wika. Kung ang iyong unang wika ay hindi Ingles, kinakailangang alamin ng iyong tagapag-empleyo o recruiter kung ang pilyego ng impormasyon ay makukuha sa wikang ito at ibigay ito sa iyo kung mayroon. Para malaman kung anong mga wika ang naroroon para sa pilyego ng impormasyon, pakikontak lamang ang Sentro ng Impormasyon ng Employment Standards sa (416) 326-7160 (libreng-tawag sa 1-800-531-5551) o, para sa nahihirapang makarinig, sa TTY 1-866-567-8893.

Ang impormasyong ito ay ibinibigay bilang isang serbisyo sa publiko. Bagamat sinisikap naming siguraduhing bago at tama ang impormasyon hanggang maaari, may mga pagkakamali pa ring nagaganap paminsan-minsan. Dahil dito, hindi naming maaaring garantiyahan ang ganap na kawastuhan ng impormasyon. Ang mga mambabasa ay dapat, kung saan maaari, magsiyasat kung tunay ang impormasyon bago gamitin ito.

© Queen's Printer for Ontario, 2010 Printed in Canada
March 2010
Ministry of Labour

ISBN **978-1-4435-1938-0** (Print)
ISBN **978-1-4435-1940-3**(PDF)
ISBN **978-1-4435-1939-7** (HTML)